**INTERNATIONAL NAPASA (February 11th 2025)**

## 1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa February 15 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***KASHIMA ANTLERS.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 2)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa February 19 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Haru Iro Concert"*** ang Caprice Group na nagtatampok ng flute, clarinet at piano mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon at isasagawa ang ***"Haru o yobu Scarf・arrange"*** ni Karyu Satoko San.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 3)PAGTATANGHAL NG MGA PRODUKTO AT TURISMO NG HANAMAKI CITY

花巻市の物産と観光展のお知らせ

Mula February 21 (Friday) hanggang February 24 (Monday) magkakaroon ng pagtatanghal ng turismo at mga produkto ng ***HANAMAKI CITY*** sa Shimin Plaza sa lugar ng Beniyacho. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon, subalit ang huling araw ng 24 (Monday) ay matatapos ng hanggang 5:00 ng hapon lamang. Makakabili ng iba't-ibang mga produkto tulad ng Bigas, mga Pickles (Tsukemono), Mansanas, Wine, Rice Cracker (Senbei), Chichirya at iba pa. Makaka-panalo rin ng Alak at Espesyal na Produkto ng ***HANAMAKI CITY*** sa gaganaping palabunutan sa 30 taong naunang dumating. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***CULTURAL EXCHANGE DIVISION (BUNKA KOURYU KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0633-25-2520).**

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGSASANAY NG PAGSASAHIMPAPAWID NG J ALERT

Ｊーアラートの試験放送のお知らせ

Sa February 12 (Wednesday) ay gaganapin ang pagsasanay ng pagsasahimpapawid ng ***J-ALERT*** dito sa Hiratsuka City. Ang ***J-ALERT*** ay isang sistema na babalang alarma ng pagsasahimpapawid sa boung bansa kung may inaakalang pag-atake ng missile o may malaking sakunang magaganap. Ang oras ay mga 11:00 ng tanghali. Ipinapayong mag-ingat

na huwag itong pagkamalang totoong ***J-ALERT*** na babala. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa ***RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)*** ng Hiratsuka City.